

22. Panginoon, bawat buwan ay 10-15 na batang babae ang ginagahasa sa Liberia ng kanilang ama o tagapagalaga. Panalangin namin na maaresto at malitis ang mga may sala. (Ps. 103:6)

23. Amang makapangyarihan, ang bilang ng karahasan sa South Africa ay sobra ang pagtaas. Protektahan mo po ang mga biktima sa kanilang mga tahanan kung saan kadalasang nangyayari ang panggagahasa at pang-aabuso. (Isa. 32:18)

24. Diyos na mahabagin, bigyan mo ng kapayapaan at pagkakasundo ang mga pamilyang nawasak sa Northern Cyprus, kung saan nagdurusa ang mga kababaihan sa mental at pisikal na pagkaabuso. Magdala sana ng pag-asa at kagalingan sa kanila ang programang Women of Hope. (Rom. 15:13)

25. Panginoon, manumbalik sana ang puso at kaisipan ng mga bata sa Tanzania na nakaranas ng panggagahasa sa loob ng kanilang mga tahanan. (Ps. 17:8-9)

26. Ama, ang domestikong pang-aabuso at karahasan ay kadalasang itinatago sa Ukraine, at 10ng porsiyento lamang ng mga biktima ang nauulat nito dahil sa kaisipan na ito ay pribadong usapin. Bigyan mo ng kapayapaan, kagalingan at hustisya ang mga biktima. (Mark 4:22)

27. Nawa ang mga kababaihan sa Pilipinas na nakaranas ng panggagahasa, pang-aabuso at karahasan ay magsalita tungkol dito at makahanap ng proteksiyon, kagalingan at katarungan, at nawa ay talikuran ng mga salarin ang karahasan at matutong gumalang sa mga kababaihan (Isa. 1:16)

28. Salamat Panginoon at may mga bansa kung saan matuwid ang mga alagad ng batas. Bigyan mo ng tiwala sa sarili at lakas ng loob ang mga kababaihan na nakaranas ng karahasan at pang-aabuso upang sila ay humingi ng tulong. (Ps. 46:1)

29. Ama, protektahan mo ang mga kababaihan mula sa karahasan at pangaabuso kung sila ay nasa mapanganib na lugar o pansamantalang tahanan gawa ng sakuna, hidwaan o immigrasyon. (Isa. 41:10)

30. Panginoon, ang mga paaralan ay sinadya na maging ligtas na lugar upang matuto at lumago. Bigyan mo ng karunungan ang mga magulang, guro at mga administrador na huwag payagan ang pangungutya o ano mang uri ng karahasan sa paaralan. (Ps. 32:7)

31. Panginoon, tulad ng pag-ibig mo sa amin, tulungan mo kaming ibigin ang mga namumuhi at nananakit sa amin. Tulungan mo kaming masumpungan ang kalakasan sa Iyo dahil ikaw ang humaharap sa ano mang laban namin sa buhay. (Luke 6:27-28)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송



## Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



### 2021. 10. KARAHASAN AT PANGGAGAHASA

Ang karahasan ay may malalim na epekto sa buhay ng isang tao. Manalangin tayo para sa kanila na naabuso, na nawa ay maranasan nila ang pag-ibig ng Diyos, ang pagpapagaling, at kapatawaran. Ang mapagpagaling na kamay ng Diyos ay hindi lamang nagpapanumbalik sa katauhan ng isang babae, kundi nagbibigay din ito ng pagkakataon upang siya ay makapagpatawad sa mga nanakit sa kanya. Ang kagalingan ay nagiging lubos kung makapagpatawad tayo sa iba

### TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층  
전화 (02)886-5671 / 이메일 [phkorea@twrk.or.kr](mailto:phkorea@twrk.or.kr)

## Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Ama, ang stress dulot ng lockdown ay nagdulot ng pagtaas ng bilang ng pisikal, mental at seksual na pangaabuso sa mga kababaihan sa Japan. Tulungan mo ang mga kababaihang ito na matakasan ang ganitong pangaabuso, makatanggap ng tulong at masumpungan Ka bilang kanilang liwanag sa kadiliman. (Ps. 31:4)

2. Ama, 6 sa 10 na katutubong kababaihan sa Canada ay nagsabi na sila ay nakaranas ng pisikal at seksual na pang-aabuso. Ipinapanalangin namin ang pagbabago sa kaisipang pangkultura, mga gawain at batas na tutulong sa mga kababaihan upang mamuhay sila ng walang takot sa karahasan. (Isa. 41:10)

3. Panginoon, baguhin mo ang mga puso at kaisipan ng mga kalalakihan sa India na walang galang at nangaabuso ng mga kababaihan. Nawa ay itaas mo ang dignidad ng mga kababaihan sa India, ingatan mo sila at sana ay makatanggap ng kaalaman at masumpungan ang tunay na kapayapaan kay Kristo Hesus. (Ps. 4:8)

4. Amang Makapangyarihan, pinupuri ka namin dahil nagbago ang batas sa Finland upang ang mga biktima ng karahasan ay mas madaling makahingi ng tulong. (Prov. 30:5)

5. Mahabaging Diyos, protektahan mo ang mga mag-aaral sa Côte d'Ivoire mula sa panggagahasa ng mga kanilang mga guro. Ipinapanalangin din namin na ang gawaing pagtutuli sa mga kababaihan ay tuluyan ng mawala at makatanggap ng maayos na pagaalagang medikal ang mga biktima nito. (Ps. 5:11)

6. Diyos Ama, bantayan mo ang mga kababaihan sa Denmark na nawalan ng respeto sa sarili at walang lakas upang takasan ang karahasan sa kanilang tahanan. Manumbalik nawa ang pagasa sa kanila. (Ps. 68:19)

7. Ama, ipinapanalangin namin ang kagalingan ng mga relasyong pampamilya sa Korea kung saan nawasak ang tahanan dahil sa karahasan, at nagdulot ng paglalayas ng mga kabataan at nauulit ng mga sumusunod na henerasyon ang ganitong

gawain. (Ps. 147:3)

8. Panginoon, 67% ng mga kabataan sa Portugal ay inaakalang katanggaptanggap ang pang-aabuso sa pakikipag-date. Maturuan sana sila kung ano ang tunay na pag-ibig at matutong respetuhin ang isa't-isa. (1 John 4:10-11)

9. Ang stress, kahirapan, lockdown at kawalan ng trabaho ay nag-ambag sa pagtaas ng kaso ng panggagahasa at pang-aabuso laban sa mga kababaihan sa Uruguay. Panginoon, tulungan mo ang mga tao na makahanap ng mabuting paraan upang maibsan ang stress at magtulungan upang masolusyunan ang mga problema. (Phil. 2:2)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.

Website: [www.twrphilippines.com](http://www.twrphilippines.com)

Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660

Facebook: TWR Phils

10. Panginoon, ingatan Mo ang mga batang babae mula sa pang-aabuso at paggagahasa ng mga kamag-anak nila. Sana ay huwag manahimik ang mga miyembro ng pamilya para lang maprotektahan ang kanilang pangalan kundi isipin nila na responsibilidad nilang bantayan, mahalín at pahalagahan ang mga batang ito. (Prov. 18:5)

11. Panginoon, nawa ay magkaroon ng pagsisisi at kagalingan ang mga taong nasaktan sa bansang Romania na ibinubuhos naman ang galit sa iba. Ang pagibig mo sana na nagpapabago sa lahat ang siyang dumaloy sa kanila upang matuto silang umibig sa kapwa. (Titus 2:12)

12. Panginoon, ipinapanalangin namin ang mga kababaihan sa Paraguay na nagdurusa mula sa lahat ng uri ng pang-aabuso. Tulungan sana sila ng lyong mga anak upang sila ay makalaya mula sa karahasan sa pamamagitan ng lyong salita. (John 8:36)

13. Ipinapanalangin namin Panginoon ang mga kalalakihan at kababaihan sa Poland na nalulong sa alak. Pagalingin mo ang kanilang mga kaluluwa upang hindi nila abusuhin ang kanilang mga asawa at pabayaan ang kanilang mga anak. (Prov. 20:1)

14. Ipinapanalangin namin ang mga kababaihan at mga kabataan sa France kasabay ng pagtaas ng bilang ng pangaabuso sa loob ng tahanan. "Mga lalaki mahalín ninyo ang inyong asawa, at huwag kayong maging malupit sa kanila." (Col.3:19)

15. Panginoon, pagalingin mo ang puso ng mga kababaihan sa North Caucasus na nakaranas ng karahasan at ang mga kababaihan sa Russia na nawalan ng tiwala sa pagkakaroon ng maayos na relasyon sa loob ng pamilya. (Ps. 72:13- 14)

16. Ama, baguhin mo ang pag-uugali at gawain ng kultura sa Ethiopia na hinahayaan lamang ang pang-aabuso sa mga kababaihan. Bigyan mo ng kagalingan ang 19 na porsiento ng mga kababaihan sa Ethiopia na nakaranas ng pisikal na pang-aabuso ng kanyang partner. Marami sa mga kababaihan ay nangangailangan ng medikal na pangangalaga para sa kanilang mga pinsala. (Ps. 30:2)

17. Ama, sa Sweden ay may mga naihiwalay at limitado ang kakayanang pangekonomiya. Samahan mo sila at protektahan mula sa stress na maaaring magbunga ng karahasan sa mga malalapit na ka-anak. (Ps. 94:19)

18. Panginoon, sa Greenland ay tumataas ang bilang ng karahasan at krimen dulot ng problemang panlipunan tulad ng alcohol, droga at kawalan ng hanapbuhay. Magkaroon nawa ng spiritual na pagkabuhay upang ang mga tao ay manumbalik sa Iyo. (Ezek. 11:19)

19. Makapangyarihang Diyos, pinupuri ka namin dahil nag resesponde kaagad ang mga pulis sa Indonesia kapag nabigyan sila ng impormasyon na may kinalaman sa karahasan. "Papakinggan mo Yaweh, ang dalangin ng mga hamak." (Ps. 10:17-18).

20. Ama namin sa langit, panalangin namin na bigyan mo ng hustisiya ang domestikong karahasan sa Spain. Ang mga nagkasala sana ay magsisi at baguhin ang kanilang mga buhay. (Ps. 11:5)

21. Ama, ipinapanalangin namin ang mga hindi nagrereport ng panggagahasa sa Cambodia dahil sa kahihyan o takot na maaaring balikan ang kanilang pamilya. Bigyan mo sila ng tapang, tulong at proteksiyon na kanilang kailangan. (Ps. 91:2)